

## Sagutan ang Census sa Abril 2020

Ang sambahayan ay makakatanggap ng imbitasyon sa koreo upang kumpletuhin ang senso online o sa telepono. Maaari mo ring sagutan ng personal ang Census sa isang Questionnaire Assistance Center na nasa iyong komunidad.



## Mahalaga ang iyong mga sagot

Ang datos sa Census ay ginagamit upang siguraduhin na ang pondo ng gobyerno ay maibahagi ng pantay-pantay at ang bawat mamamayan ay may kinatawan sa sistemang pampulitika tulad ng kongreso ng Estados Unidos. Ang inyong pakikibahagi sa Census ay magdadala ng pondo para sa mga paaralan, daan, serbisyong pangkalusugan, pabahay at iba pang serbisyo sa inyong komunidad.



## Lahat ay kabilang

Ang lahat ng tao na nakatira sa inyong tahanan ay kailangang ibilang anumang edad, estado sa imigrasyon o kasaysayan ng mga gawaing kriminal. Bawat tahanan ay dapat sumagot ng Census at ibilang ang lahat ng nakatira sa bahay, kabilang ang miyembro ng pamilya, hindi kamaganak at iba pang naninirahan dito.




## Ang sagot sa Census ay 100% kumpidensyal

Labag sa batas na ibahagi ang inyong impormasyon sa anumang ahensya ng gobyerno katulad ng imigrasyon, mga alagad ng batas, at anumang ahensya na nagbibigay ng tulong. Ito ay maaari lamang gamitin bilang datos ng istatistika. HINDI magtatanong ang Census tungkol sa iyong pagiging citizen o estado sa imigrasyon.



TOGETHER WE CAN
BAY AREA COUNTS 2020
MAKE A DIFFERENCE





SMS

I-text ang KABILANG sa 650-200-2743* o bumisita sa uwba.org/census para sa karagdagang impormasyon.

*Maaaring magkaroon ng karagdagang singil ang pagpapadala ng mensahe o paggamit ng internet. I-text ang EXIT upang hindi na makatanggap ng mga mensahe.

United Way
UNITED WAY BAY AREA

CENSUS 2020
SAN MATEO COUNTY